

Illegal ang discrimination [pagtanging masama] sa credit [pautang]

Sa ilalim ng federal na batas, ang mga nagpapautang ay hindi pinahihintulutan mag-discriminate laban sa iyo. Kapag nag-apply ka sa credit o humiram ng pera, labag sa batas na mag-discriminate dahil sa:

- Lahi
- Kulay
- Relihiyon
- Pambansang pinagmulan
- Kasarian*
- Katayuan sa pag-aasawa
- Edad
- Pagtanggap ng pera mula sa pampublikong tulong

*Sa kasalukuyan, tinataguyod ng batas ang mga paninindigan na nagbibigay din ang pagbawal laban sa discrimination sa kasarian ng malawakang pagtanggol mula sa discrimination batay sa pagkakakilanlan ng mamimili ng kasarian at pagkiling pang-sexual

Maaaring humingi sa iyo ang mga nagpapautang ng ganitong uring impormasyon sa ilang kalagayan, pero hindi ka nila mapipigilang mag-apply para sa credit. At, hindi nila matatanggi ang application mo para sa alinman sa mga dahilan sa listahan o sa pagsasagawa ng mga karapatan mo sa ilalim ng ilang mga batas na nagtatanggol ng mamimili. Hindi pinapayagang ang mga nagpapahiram na sumingil ng mas mataas na halaga, tulad ng mas mataas na antas ng patubo o mga mas mataas na bayad, para din sa mga dahilang ito.

Tumutukoy ang ECOA sa lahat ng uri ng credit, kasama ang:

- | | |
|--|---|
|  Mga utang sa kotse |  Utang sa bahay |
|  Mga credit card |  Mga utang ng estudyante |
|  Mga utang ng maliit na negosyo | |

Sa loob ng mga hangganan, pinapahintulutan ang mga nagpapautang na isaalang-alang ang mga ibang salik, tulad ng kasaysayan ng kita, utang, at credit, kapag nagpasya sila kung aalukin ka ng credit at kung anong mga tadhana ang ihahandog sa iyo.

Pinagtatangol ka sa ilalm ng Equal Credit Opportunity Act (ECOA)

Ipinatupad ang ECOA noong 1974. Ginagawa nitong hindi legal ang discrimination sa credit at pinananagot ang mga nagpapautang kapag lumabag sila sa batas. Maraming bahagi ng pamahalaan ng U.S. ang nagpapatupad ng batas-kasama ang CFPB pati na ang Office of the Comptroller of Currency, Federal Reserve Board, Federal Deposit Insurance Corporation, National Credit Union Association, Department of Justice, at Federal Trade Commission.

Pangalagaan ang sarili mo mula sa discrimination

Magsaliksik

Mamili. Matutunan ang mga benepisyo at peligro ng utang o credit card na gusto mo. Saliksikin ang mga kasalukuyang antas ng patubo. Paghambingin ang mga alok mula sa ilang nagpapautang. Mas madali mong malalaman kung may taong nagsasamantala sa iyo kung may katotohanan kang nalalaman.

Alamin ang kasaysayan ng credit mo

Nagpapasya ang ilang nagpapautang batay sa kasaysayan ng credit mo. Siguruhin na walang mga mali o kulang ng bagay sa inyong mga ulat sa credit. Humiling ng libreng kopya ng ulat sa credit tuwing 12 buwan mula sa [AnnualCreditReport.com](https://www.annualcreditreport.com), na kasama ang mga ulat mula sa tatlong pinakamalaking kompanyang nag-uulat sa mamimili.

Manatiling may kapangyarihan

Hindi dapat magparamdam sa iyo ang nagpapautang na minamadali ka o inaantala nang hindi kailangang ang pagkilos sa application mo.

Siguruhin bago lumagda

Hindi mo dapat maramdaman na pinipilit kang lumagda. Maglaan ng oras para masiguro na gumagana para sa iyo ang kalakal pang-credit at mga tuntunin.

Magtanong

Huwag intidihin lamang ang buwanan mong bayad. Magtanong tungkol sa mga antas at kabuuang halaga ng patubo at mga bayarin na maaari mong bayaran pangmatagalang.

Mga babalang palatandaan ng discrimination

Madalas nangyayari ang discrimination sa credit sa likod ng mga saradong pintuan, kaya mahirap itong makita. Pero maaaring may mga babalang patatandaan. Pansinin kung ikaw ay:

- Natrato nang iba sa harapan kaysa sa telepono
- Pinigilang mag-apply sa credit
- Narinig na nagasabi ang nagpautang ng mga negatibong pagpuna tungkol sa lahi, pambansang pinagmulan, kasarian o ibang salik.
- Tumanggi ng credit kahit na nararapat ka para dito batay sa mga naka-advertise na pangangailangan
- Naghandog ng credit na mas mataas na antas ng patubo kaysa sa nasa application, kahit na nararapat ka sa mas mababang antas batay sa mga naka-advertise na pangangailanga

Kung naniniwala ka na biktima ka ng discrimination ng credit, humingi ng tulong

- Para sa mga legal na pakukunang nakalista ayon sa state, pumunta sa: lawhelp.org
- Para malaman ang tungkol sa pagiging karapat-dapat sa tulong mula sa programang Legal na Serbisyo na pinondohan ng Legal Services Corporation, pumunta sa: lsc.gov/what-legal-aid/find-legal-aid
- Hanapin ang opisina ng attorney general ng state niyo: naag.org/naag/attorneys-general/whos-my-ag.php
- Magharap ng reklamo sa CFPB: consumerfinance.gov/complaint

Tungkol sa CFPB

Ang Consumer Financial Protection Bureau ay isang malayang federal na ahensiya na tinayo para pangalagaan ang mga mamimili. Nagsusulat kami at nagpapatupad ng mga patakaran na magpapanatili sa mga bangko at mga ibang pananalaping kompanya ng makatwirang pagpapatakbo. Tinuturuan din namin at binibigyan ng kapangyarihan ang mga mamimili, tinutulungan silang gumawa ng mas may kabatirang pagpili para makamit ang kanilang mga layunin pampananalpi.

Makiugnay sa amin



Online

consumerfinance.gov



Sa telepono

(855) 411-CFPB (2372)

(855) 729-CFPB (2372) TTY/TDD



Sa koreo

Consumer Financial Protection Bureau

P.O. Box 2900

Clinton, IA 52733-2900



Magharap ng reklamo

consumerfinance.gov/complaint